

Mga Kinakailangan sa Pagtatala at Pag-uulat para sa Mga Organisasyon at Serbisyo na Nangongolekta ng Sobrang Pagkain

Nagpapatakbo ka ba ng programa sa pamamahagi ng pagkain, tirahan, grupo sa paglunas ng gutom, pantry ng pagkain, o katulad na organisasyon na nangongolekta ng sobrang pagkain sa Lungsod ng San Diego? Ang handout na ito ay nagbibigay ng impormasyon kung paano masisigurong sumusunod ka sa bagong Batas ng Senado ng California (SB) 1383 at ng Ordinansa sa Pagrere-cycle ng Lungsod ng San Diego.

Nilalayon ng SB 1383 na bawasan ang greenhouse gas methane sa pamamagitan ng pag-aatas sa pagre-recycle ng mga organikong basura at donasyon ng sobrang pagkain. Ang mga negosyong itinalaga bilang **Edible Food Generators (EFGs)*** (Mga Lumilikha ng Nakakaing Pagkain) ay kinakailangang iabuloy ang sobrang pagkain na nakakain.

Sa ilalim ng bagong mga batas, ang mga organisasyon at serbisyo na nangongolekta ng pagkain ay dapat gawin ang sumusunod:

Ang iyong Organisasyon na Nangongolekta ng Pagkain ay dapat...

- **Magpanatili ng mga rekord ng:**
 - Pangalan, address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng EFG at mga serbisyo sa pagkolekta ng sobrang pagkain kung saan ka nakatanggap ng pagkain.
 - Ang dami, base sa kabuuang libra bawat buwan, na natanggap mula sa bawat EFG.
- **Magsumite ng taunang ulat bago ang Enero 31** (simula sa taong 2023) sa Lungsod ng San Diego na naglalaman ng impormasyon para sa nakaraang buong taon:
 - Lahat ng mga napanatiling mga rekord na nasa itaas.
 - Ang dami ng nakakaing pagkain na natanggap mula sa mga EFG ay dapat ipahayag base sa kabuuang libra bawat taon.
- **Magbigay sa mga negosyo kung saan ka nakakatanggap ng pagkain ng nakasulat na impormasyon** tungkol sa mga proteksyon sa pananagutan na nakabalangkas sa mga Batas ng California at Pederal sa Good Samaritan Food Donation.

Ang iyong Serbisyo sa Pagkolekta ng Pagkain ay dapat...

- **Panatilihin ang mga rekord ng:**
 - Pangalan, address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng EFG kung saan ka nangongolekta ng pagkain.
 - Ang dami, base sa kabuuang libra bawat buwan, na nakolekta mula sa bawat EFG.
 - Ang dami, base sa kabuuang libra bawat buwan, na dinadala sa bawat organisasyon na nangongolekta ng pagkain mula sa isang EFG.
 - Ang pangalan, address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng mga organisasyon na nangongolekta ng pagkain na nakatanggap ng mga pagkain mula sa isang EFG.
- **Magsumite ng taunang ulat bago ang Enero 31** (simula sa taong 2023) sa Lungsod ng San Diego na naglalaman ng impormasyon para sa nakaraang buong taon:
 - Lahat ng mga napanatiling mga rekord na nasa itaas.
 - Ang dami ng nakakaing pagkain na natanggap mula sa mga EFG ay dapat ipahayag base sa kabuuang libra bawat taon.
- **Magbigay sa mga negosyong kinokolektahan mo ng pagkain ang nakasulat na impormasyon** tungkol sa mga proteksyon sa pananagutan na nakabalangkas sa mga Batas ng California at Pederal sa Good Samaritan Food Donation.

*Ang mga Edible Food Generator (EFG) ay itinalaga bilang:

Unang Antas ng mga Edible Food Generator (Ayon sa SB 1383, kailangang magbigay ng donasyon simula Enero 1, 2022)

- **Mga supermarket**
- **Mga grocery store** (10,000 square feet o higit pa)
- **Mga nagbibigay ng serbisyo sa pagkain**
- **Mga namamahagi ng pagkain**
- **Mga nagtitinda ng pakyawan na pagkain**

Ikalawang Antas ng Mga Edible Food Generator (Ayon sa SB 1383, kailangang magbigay ng donasyon simula Enero 1, 2024)

- **Mga Restaurant** (250 o higit pang upuan o 10,000 square feet o higit pa)
- **Mga hotel na may pasilidad ng pagkain sa mismong lugar** (200 o higit pang mga kuwarto)
- **Pasilidad ng kalusugan na pasilidad ng pagkain sa mismong lugar** (100 o higit pang kama)
- **Malalaking mga lugar at malalaking mga kaganapan** (2,000 araw-araw na dadalo o higit pa)
- **Ahensiya ng estado na may cafeteria** (250 o higit pang upuan o 5,000 square feet o higit pa)
- **Ahensiya ng edukasyon na pasilidad ng pagkain sa mismong lugar**

Mga Madalas Itanong:

Ano ang Organisasyon na Nangongolekta ng Sobrang Pagkain?

Ang ibig sabihin ng "organisasyon na nangongolekta ng sobrang pagkain" ay isang entidad na nangongolekta o tumatanggap ng mga sobrang nakakain na pagkain mula sa mga komersyal na mga edible food generator at namamahagi ng nakakain na pagkain sa publiko nang direkta o sa pamamagitan ng iba pang mga entidad kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: isang food bank, isang nonprofit na organisasyon ng kawanggawa o isang nonprofit na kawanggawa na pansamantalang pasilidad ng pagkain. Ang nakolektang sobrang pagkain ay pagkain na sana ay itatapon; hindi kasama dito ang biniling pagkain.

Ano ang Serbisyong Nangongolekta ng Sobrang Pagkain?

Ang kahulugan ng "serbisyong nangongolekta ng sobrang pagkain" ay isang tao o entidad na nangongolekta at naghahatid ng mga sobrang pagkain na nakakain mula sa isang komersyal na edible food generator patungo sa isang organisasyon na nangongolekta ng sobrang pagkain o iba pang mga entidad para sa pangongolekta ng sobrang pagkain.

Paano ito makakaapekto sa aking mga kasalukuyang operasyon?

Kung ang iyong organisasyon ay tumatanggap ng mga nakolektang donasyon ng pagkain mula sa isang EFG at ang iyong pangunahing lokasyon ay nasa Lungsod ng San Diego, kailangan mo na ngayong magpanatili ng mga rekord at mag-ulat taun-taon sa Lungsod ng San Diego saanman matatagpuan ang EFG na nagbibigay sa iyo ng pagkain.

Maaaring may potensyal din para sa mas marami pang donasyon ng pagkain. Gayunpaman, hindi mo kailangang tumanggap ng mas maraming pagkain lampas sa iyong kapasidad.

Ang mga itinalagang negosyo na kinakailangang magbigay ng donasyon ng sobrang pagkain na nakakain ay kinakailangan na ngayong pumirma ng nakasulat na mga kasunduan sa mga organisasyon at serbisyo sa pagkolekta ng pagkain tulad ng sa iyo.

Mayroon bang mga mapagkukunan para sa aking organisasyon o serbisyo upang tumulong sa pagdagsa ng mas maraming donasyong pagkain?

Kung interesado ang iyong organisasyon o serbisyo sa pagpapalawak ng kapasidad nito, maaari mong ituloy ang pagpopondo ng grant mula sa Food Waste Prevention at Rescue Grant Program ng CalRecycle: calrecycle.ca.gov/climate/grantsloans/foodwaste

Paano Mag-ulat:

Makakahanap ka ng template ng pagtatala at isumite ang iyong ulat sa: sandiego.gov/FROreport

Kailangan ng Gabay?

Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyong Pangkapaligiran sa: sdrecyclingworks@sandiego.gov o 858-694-7000.



Environmental
Services